Department of
Education
www.education-ni.gov.uk



# HUWAG PUMASOK SA PAARALAN = MAWAWALAN

## BAKIT MAHALAGANG PUMASOK SA PAARALAN

Kapag ang batang nasa edad na kailangang pumasok sa paaralan ay nakarehistro sa isang paaralan, mahalagang regular silang pumasok sa paaralan at magmentina ng pattern ng magandang attendance sa kabuuan ng pag-aaral nila.

Ang ekselenteng attendance sa paaralan ay mahalaga para pahintulutan ang bata o batang taong maabot ang kanilang potensiyal.

**Pangunahing Punto**

*Ang mga batang taong regular na hindi nakakapasok sa paaralan nang walang mabuting dahilan ay mas malaman mahiwalay sa mga kaibigan nila, mababa ang nakakamit sa mga eksaminasyon at/o nagkakaroon ng asal na ayaw makihalubilo.*

Nasa ibaba ang ilang pangunahing dahilan kung bakit mahalagang pumasok sa paaralan ang mga bata:

- Para matuto.
- Para makipagkaibigan.
- Para makaranas ng mga bagong bagay sa buhay.
- Para magkaroon ng mga kuwalipikasyon.
- Para magkaroon ng mga bagong kakayahan.
- Para mabuo ang kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili.
- Para magkaroon ng pinakamahusay na posibleng pagsisimula sa buhay.

## MAIIBA BA NG PAGPASOK ANG MGA RESULTA SA EKSAMINASYON?

**Mahigit sa 95% Attendance**

87%

*87% ng mga mag-aaral ay nakakamit ng hindi bababa sa 5 GCSE kasama ng Ingles at Matematika kapag pumasok sila ng mahigit sa 95%*

**Mas mababa sa 90% Attendance**

63%

*63% ng mga mag-aaral ay nakakamit ng hindi bababa sa 5 GCSE kasama ng Ingles at Matematika kapag pumasok sila ng mas mababa sa 90%*

**Mas mababa sa 80% Attendance**

49%

*49% ng mga mag-aaral ay nakakamit ng hindi bababa sa 5 GCSE kasama ng Ingles at Matematika kapag pumasok sila ng mas mababa sa 80%*

Pinagmulan: School Leavers 2019/20

## PAANO MAKAKATULONG ANG MGA MAGULANG

- Magtaguyod ng magandang rutina sa umaga at gabi para mahanda ang anak mo sa paparating na araw sa paaralan.
- Siguruhin na regular papasok sa paaralan ang anak mo at susunod sa mga patakaran ng paaralan.
- Siguruhin na darating ang anak mo sa paaralan sa tamang oras – hindi late.
- Magtakda ng mga dental at medikal na appointment sa labas ng oras ng paaralan kapag posible.
- Laging abisuhan ang paaralan kapag ang anak mo ay hindi makakapasok dahil sa pagkakasakit– dapat masundan ito ng nakasulat na tala sa pagbabalik ng anak mo sa paaralan.
- Kung hindi pumapasok ang anak mo sa paaralan dahil inaasahan mong malalagay sila sa peligro – Sino ang kasama nila? Ano ang kanilang ginagawa?
- Huwag magbakasyon bilang pamilya sa panahon ng termino.
- Kausapin ang anak mo tungkol sa paaralan at maging interesado sa gawain nilang pampaaralan (kasama ang mga homework).
- Dumalo sa mga pang-magulang na gabi at mga kaganapan ng paaralan.
- Puriin at gantimpalaan ang mga nakakamit ng anak mo sa paaralan.
- Laging suportahan ang kawani ng paaralan sa pagsusumikap nilang kontrolin ang mahirap o mapanghamong asal.

**Pangunahing Punto**

*Ang mga magulang ng mga batang nasa edad na 4-16 na naka-enroll sa paaralan ay legal na inaatasang siguruhin na sila ay papasok.*

## MABIBILANG ANG BAWAT ARAW NG PAARALAN

Ang bawat isang araw na hindi makakapasok ang bata sa paaralan ay katumbas ng isang araw ng nawalang kaalaman.

| | |
|---|---|
| **100% Attendance** | **0 araw ang Nawala** |
| **95% Attendance** | **9 Araw ang Hindi Pagpasok**<br>**1 Linggo at 4 na Araw ang Nawalang Pag-aaral** |
| **90% Attendance** | **19 Araw ang Hindi Pagpasok**<br>**3 Linggo at 4 na Araw ang Nawalang Pag-aaral** |
| **85% Attendance** | **28 Araw ang Hindi Pagpasok**<br>**5 Linggo at 3 Araw ang Nawalang Pag-aaral** |

nidirect.gov.uk/miss-school-miss-out